# PAGGAMIT NG JOURNAL SA PAGPAPAUNLAD NG KASANAYAN SA PAGSULAT NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO

Isang Pananaliksik na iniharap sa

College of Education

Misamis University

Ozamiz City

Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan

ng mga kinakailangan sa Titulong

**Bachelor of Secondary Education**

**Major in Filipino**

ni

**ASHLEY MAE R. SALVADOR**

Abril 2025

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito ay pinamagatang, **"PAGGAMIT NG JOURNAL SA PAGPAPAUNLAD NG KASANAYAN SA PAGSULAT NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO"** ay inihanda at ipinasa ni Ashley Mae R. Salvador bilang bahagi ng katuparan ng mga pangangailangan sa titulong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino, na ngayon ay itinagubilin para sa kaukulang pagsusulit na pasalita.

**LEIZEL JOY C. DABALOS, MAEd**
Tagapayo

Pinagtibay ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita na may grading *Pasado*.

**GENELYN R. BALUYOS, EdD**
Chairman

**LOVELIE B. CENTINO, MAEd**
Kasapi

**JOENARD L. TUASTOMBAN, MAEd**
Kasapi

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng katuparan ng pangangailangan sa titulong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino.

**GENELYN R. BALUYOS, EdD**
Dean, College of Education

Petsa: *Mayo 2025*

# PAGKILALA

. Taos-pusong pasasalamat ang ipinapaabot ng mga mananaliksik sa lahat ng taong naging bahagi at katuwang sa matagumpay na pagbuo ng pananaliksik na ito. Ang kanilang suporta, kaalaman, at inspirasyon ay hindi matatawaran.

Una sa lahat, sa Poong Maykapal, na siyang pinagmulan ng lahat ng karunungan at lakas. Sa Kanya nagmula ang tibay ng loob, inspirasyon, at gabay upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito sa kabila ng mga pagsubok.

Kay Gng. Leizel Joy Dabalos, sa kanyang walang sawang paggabay, pag-unawa, at pagbibigay ng mahalagang mungkahi at rekomendasyon upang mapabuti ang kalidad ng pananaliksik na ito. Lubos naming pinahahalagahan ang kanyang dedikasyon at panahon.

Kay Dr. Genelyn R. Baluyos, ang Dekano ng College of Education, para sa kanyang suporta at mga payo na naging mahalaga sa pag-unlad ng pananaliksik na ito.

Kay Gng. Lovelie B. Centino para sa kanyang gabay, supporta, mga payo, komento at mga rekomendasyon.

Sa mga kalahok, sa kanilang pagbahagi ng kanilang sagot na naglalaman ng impormasyon upang sagutan ang mga katanungan at sa paglaan ng kanilang oras upang ibigay sa may-akda ang lahat ng kinakailangang impormasyon.

At higit sa lahat, sa aming mga magulang, pamilya, at mga kaibigan, na patuloy na nagbigay ng suporta, pang-unawa, at pagmamahal. Sa kanilang inspirasyon at paniniwala sa aming kakayahan, naging posible ang pagtupad sa aming layunin.

## PAGHAHANDOG

Ang aklat na ito ay taos-pusong iniaalay

Sa Poong Maykapal na patuloy nagbibigay ng gabay at kaalaman.

Ang aming mahal na magulang,na naging inspirasyon, sandigan,

pagmamahal, walang sawang suporta, at umunawa

upang makamit ang mga pangarap namin sa buhay;

Sa aming mga kaibigan, kaklase, at guro para sa laging pagsama

at pag-unawa upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito;

Ang Panginoong Diyos na nagkaloob ng biyaya, na siyang dahilan kung bakit naisakatuparan ang pananaliksik na ito.

***Ashley***

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay nagsuri sa epekto ng paggamit ng journal writing sa kasanayan sa pagsulat ng sampung Filipino major na mag-aaral ng College of Education sa Misamis University. Gumamit ito ng pre-eksperimental na disenyo kung saan isinagawa ang pre-test at post-test gamit ang rubrik sa pagtataya ng journal entries. Lumabas sa resulta na mula sa antas na **Di-Gaanong Mahusay** bago ang interbensyon, umangat ang mga mag-aaral sa antas na **Napakahusay** pagkatapos gamitin ang journal. Naitala rin ang makabuluhang pagbabago sa kanilang pagganap (p-value = 0.000). Ipinapakita ng pag-aaral na ang journal writing ay epektibong estratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat, pagkamalikhain, kritikal na pag-iisip, at kumpiyansa ng mga mag-aaral. Inirerekomenda ang pagsasama nito sa kurikulum at ang pagsasagawa ng karagdagang pag-aaral na may mas malaking bilang ng mga kalahok.

**Mga Susing Salita:** *Filipino Major, Journal Writing, Kasanayan sa Pagsulat, Interbensyon, Teacher Education Institution*

## TALAAN NG NILALAMAN

Pahina

PAMAGAT . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . i

PAGKILALA. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ii

PAGHAHANDOG . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iii

TALAAN NG NILALAMAN . . . . . . . . . . . . . . . . iv

TALAAN NG PIGURA . . . . . . . . . . . . . . . . . v

ABSTRAK . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vi

**Kabanata**

1 PANIMULA 1

Teoretikal na Balangkas. . . . . . . . . . . . . . . 5

Konseptuwal na Balangkas. . . . . . . . . . . . . 7

Iskematik Dayagram ng Pag-aaral. . . . . . . . . . . 12

Layunin ng Pag-aaral. . . . . . . . . . . . . . . . 13

2 PAMAMARAAN 14

Pamamaraang Ginamit. . . . . . . . . . . . . . . . 14

Pananaliksik na Pangkapaligiran. . . . . . . . . . . . . 14

Pinanggalingan ng Datos. . . . . . . . . . . . . . . . 15

Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos. . . . . . . 16

Pagtitipon ng mga Datos. . . . . . . . . . . . . . . . 17

Etikal na Konsidersyon. . . . . . . . . . . . . . . . . 18

Pag-aanalisa ng Datos. . . . . . . . . . . . . . . . . 19

3 RESULTA AT PAGPAPAKAHULUGAN 19

Pagganap Bago ang Paggamit ng Journal . . . . . . . . . . 19

Pagganap Pagkatapos ang Paggamit ng Journal. . . . . . . . . 21

Makabuluhang Pagkakaiba sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Pamamagitan ng Paggamit ng Journal. . . .. . . . . . . . . . . . 23

4 BUOD, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON 28

Lagom. . . . . . . . . . . . . . . . . . . 27

Mga Natuklasan. . . . . . . . . . . . . . . 27

Konklusyon. . . . . . . . . . . . . . . . . . 28

Rekomendasyon. . . . . . . . . . . . . . . . . 28

TALASANGGUNIAN. . . . . . . . . . . . . . . . . . 29

APENDIKS

Apendiks A – Talatanungan . . . . . . . . .. . . . . . . . . . 30

Apendiks B – Talatanungan na may sagot. . . . . . . . . . . . 31

Apendiks C – Informed Consent Form. . . . . . . . . . . . . . . 32

Apendiks D – Letter of Approval. . . . . . . . . . . . . . . 33

Appendixs E- Letter of Approval . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 34

Appendix F- Consent form with sign . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .. . . . 35

Appendix G- Stats Computation . . . . . . . . . .. . . . . . . . . . . . . . . . . . . 36

CURRICULUM VITAE. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 37

TALAAN NG PIGURA

| Pigura | | Pahina |
|---|---|---|
| 1. | Iskematik Dayagram ng Pag-aaral . . . . . | 13 |

Kabanata 1

# PANIMULA

Ang pagsusulat ay isang mahalagang kasanayan na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang saloobin, kaalaman, at pag-unawa. Mahalaga ang Journaling sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa antas ng unibersidad. Dahil sa ganitong pamamaraan, natututo ang mga mag-aaral na maglatag ng kanilang mga ideya nang mas malinaw habang nagkakaroon ng kumpiyansa sa kanilang sarili (Eliwarti et al., 2021). Ito ang magiging daan sa mga mag-aaral na malampasan ang karaniwang problema sa gramatika at mekaniks sa pagsusulat (Elbashir , 2023). Sa pamamagitan ng ganitong gawain ay mabibigyan ng kalayaan ang mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga ideya nang walang halong pangamba sa pagkakamali o paghuhusga (Cahyono, 1997).

Maraming mga mag-aaral ang nakakaranas ng mga hamon sa pagsusulat, tulad lamang ng tamang paggamit ng bantas, baybay, at estraktura ng pangungusap. Ang mga problemang ito ay nagiging hadlang sa malinaw na pagpapahayag ng ideya ng mga mag-aaral. Ayon kay (Herrero, 2007), ang regular na pagsusuri ng mga journal entries ay nakatutulong upang maitama ang mga karaniwang pagkakamali sa pagsusulat. Ang journaling ay isang mahalagang estratehiya para sa mga mag-aaral na maglahad ng kanilang ideya  hindi lamang sa pagpapabuti ng gramatika kundi pati na rin sa pagbuo ng kumpiyansa ng mag-aaral sa pagsusulat (Rokni et al., 2013). Ang journaling ay humuhubog sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglinang ng kakayahang na magsuri at maglahad ng lohikal na opinyon (AlMarwani, 2020).

Ayon kay (Fulwiler, 1987) mula sa United States, ang journaling ay isang epektibong estratehiya sa edukasyon na hindi lamang nagpapabuti sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat kundi tumutulong din ito sa kanila para sa pagbuo ng mas kritikal at masusing pag-iisip

Ang pagsasanay sa pagsusulat sa pamamagitan ng journal ay nagbubunga ito ng mas mahusay na pag-unawa sa gramatika, sintaksis, at lohikal na organisasyon ng mga ideya. Samantala, binigyang-diin naman ito nina (Walker et al., 1987) mula sa United Kingdom na ang journaling ay isang mahalagang kasangkapan sa pagbawas ng takot sa pagsusulat, lalo na sa mga mag-aaral na may mababang tiwala sa sarili pagdating sa akademikong pagsulat. Dagdag pa rito, ipinakita sa pananaliksik nina (Rokni et al., 2013) na ang regular na paggamit ng journal ay nakatutulong sa pagpapabuti ng Writing fluency at Grammatical accuracy.Ang patuloy na pagsasanay sa journal ay nagbubunga ng mas natural at maayos na pagsulat, na mahalaga sa paghubog ng isang manunulat.

Dagdag pa rito, ipinakita sa pananaliksik nina (Moon, 1999) mula sa Australia at (Langer, 2002) mula sa Canada na ang journaling ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto sapagkat hinahasa nito hindi lamang ang kasanayan sa pagsulat kundi pati na rin ang mas malalim na pagninilay sa mga konseptong natutunan. Sa kanilang mga pag-aaral, napag-alamang na ang regular na pagsasagawa ng journaling ay nagtataguyod ng mas mahusay na pagproseso ng impormasyon, nagpapalakas ng kakayahang magmuni-muni, at nagpapalalim ng pang-unawa sa isang paksa. Bukod dito, ayon kay (Graham , 2006) mula sa New Zealand, ang journaling ay may positibong epekto sa pangmatagalang kasanayan sa pagsulat dahil nalilinang nito ang kakayahang magpahayag ng ideya nang organisado at may lohikal na daloy.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga internasyonal na pag-aaral mula sa iba't ibang bansa na ang journaling ay isang epektibong kasangkapan sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat, hindi lamang sa aspetong teknikal tulad ng gramatika at mekaniks, kundi pati na rin sa mas mataas na antas ng pag-iisip tulad ng kritikal na pagsusuri at masusing

pagninilay. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mas mataas na kumpiyansa sa kanilang kakayahan sa pagsulat at mas malalim na pag-unawa sa mga konseptong kanilang pinag-aaralan.

Nararapat bigyang-diin ang paggamit ng journaling bilang isang estratehiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino. Batay sa pag-aaral nina (Mejares et al., 2023), ang journaling ay hindi lamang nagpapabuti ng kasanayan sa pagsusulat kundi nagsisilbi ring daan upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa sariling wika at kultura. Samantala, ipinakita nina (Herrero, 2007) na ang pamamaraang ito ay nagiging tulay para sa mas malayang pagpapahayag ng mga mag-aaral nang walang pangamba o takot sa paghusga. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng mas inklusibo at nakakaengganyong kapaligiran sa pagkatuto (Eliwarti et al., 2021). Kaugnay nito, layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang epekto ng journaling sa pagsusulat sa Filipino at kung paano ito maaaring magbigay-daan sa mas makabuluhang edukasyon at mas epektibong paggamit ng wika.

Upang matugunan ang mga hamon sa pagsusulat, maaaring gamitin ang journaling bilang isang epektibong kasangkapan sa pagtuturo (Elbashir, 2023) Ipinakita sa pananaliksik na ang ganitong gawain ay nagbibigay ng kalayaan sa mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang mga ideya nang walang pangamba sa paghusga. Sa parehong direksyon, binigyang-diin nina (Cahyono, 1997) na ang regular na pagsusuri sa mga journal entries ay tumutulong sa pagtutuwid ng mga karaniwang pagkakamali sa pagsusulat. Sa patuloy na pagsasanay, nagreresulta ito sa mas maayos at epektibong pagpapahayag ng mga mag-aaral (Herrero, 2007) .

Sa lokal na konteksto, ipinahayag nina (Torres et al., 2022) mula sa Quezon City, Pilipinas, na ang journaling ay hindi lamang isang pangkaraniwang gawain sa paaralan

kundi nagsisilbing pundasyon para sa mas malalim na pag-unawa at aplikasyon ng mga tuntunin ng wika. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mas malawak na kaalaman sa istruktura ng wika at mas epektibong nagagamit ito sa kanilang pang-araw-araw na komunikasyon. Higit pa rito, ang patuloy na pagsasanay sa journaling ay nagbubunga ng mas mahusay na kasanayan sa pagsulat, na maaaring magamit ng mga mag-aaral hindi lamang sa akademikong larangan kundi pati na rin sa kanilang personal at propesyonal na buhay.

Dagdag pa rito, ayon kina (Mejares et al., 2023) mula sa Cebu, Pilipinas, ang journaling ay isang mabisang kasangkapan sa pagpapalawak ng malikhaing kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Hindi lamang nito hinahasa ang kanilang pagiging malikhain kundi tinutulungan din silang malampasan ang mga karaniwang hamon sa pagsusulat, tulad ng gramatika, mekaniks, at estruktura ng pangungusap. Samantala, binigyang-diin nina (Abdolmanafi et al., 2013) na ang journaling ay isang epektibong paraan upang sanayin ang mga mag-aaral sa tamang paggamit ng wika sa isang mas praktikal at hindi gaanong nakakapresyur na paraan. Sa pamamagitan ng regular na pagsasanay sa journaling, natutulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng mas mataas na kumpiyansa sa kanilang pagsusulat at mabawasan ang kanilang takot sa paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagpapahayag.

**Teoretikal na Balangkas**

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa dalawang pangunahing teorya: ang Sociocultural Theory ni (Lev Vygotsky, 1978) at ang Writing Process Theory ni Donald Murray (1982). Ang mga teoryang ito ay nagbibigay ng matibay na pundasyon upang maipaliwanag kung paano nakakatulong ang journaling sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. (Santos, 2021) Ang regular na pagsusulat sa journal ay epektibong paraan upang mapalawak ang pag-unawa at mahasa ang kakayahan sa pagsusulat, sa pamamagitan ng pagninilay sa sarili at interaksyon sa kapwa (Toralba, 2022).

Ayon kay Lev Vygotsky, ang pagkatuto ay isang sosyal na proseso na nagaganap sa pamamagitan ng interaksyon sa kapwa, kapaligiran, at kultura. Isang mahalagang konsepto sa teoryang ito ang Zone of Proximal Development (ZPD), na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay mas epektibong natututo kapag sinusuportahan ng mga mas nakatatanda o eksperto, gaya ng guro o kasamahan. Sa konteksto ng journaling, ang pagsusulat ng personal na tala ay hindi lamang isang indibidwal na gawain kundi nagiging isang paraan ng pagbuo ng ideya sa pamamagitan ng feedback at kolaborasyon.

Sa pamamagitan ng pagsusulat ng journal, ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng pagkakataon na mag-reflect sa kanilang mga karanasan at pagnilayan ang kanilang mga saloobin. Ang prosesong ito ay nagbibigay daan sa kanila upang makita ang kanilang mga kahinaan at kalakasan sa pagsusulat, at sa pamamagitan ng interaktibong feedback mula sa guro at mga kaklase, nagkakaroon sila ng pagkakataon na baguhin at paunlarin ang kanilang gawa. Dahil dito, ang journal writing ay nagsisilbing mekanismo ng "scaffolding"

kung saan ang suporta mula sa iba ay tumutulong upang mapalapit ang mag-aaral sa mas mataas na antas ng pagkatuto.

Ang Writing Process Theory ni Donald Murray naman ay tumitingin sa pagsusulat bilang isang hindi linear na proseso. Ayon sa teoryang ito, ang pagsusulat ay isang recursive na aktibidad na binubuo ng iba't ibang hakbang: prewriting, drafting, revising, editing, at publishing. Ipinapakita ni Murray na mahalagang bahagi ng pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat ang patuloy na pag-audit at pagpapabuti ng mga ideya.

Sa praktikal na aplikasyon, ang regular na pagsasanay sa journaling ay nagiging daan upang mahasa ng mga mag-aaral ang bawat yugto ng proseso ng pagsusulat. Halimbawa, sa yugto ng prewriting, natutulungan ng journaling ang mga mag-aaral na magsagawa ng brainstorming at magbuo ng mga ideya bago sila magsimulang mag-draft. Sa proseso naman ng drafting, nakakapaglabas sila ng mga paunang ideya na maaari pang pagandahin. At sa yugto ng revising at editing, nagiging mas kritikal sila sa pagsusuri ng kanilang isinulat, kung saan natututo silang baguhin at pagbutihin ang kanilang gawa.

Ayon kay (Dela Cruz , 2023), ang regular na pagsasanay sa pagsusulat ng journal ay nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsusulat, na humahantong sa mas organisado at epektibong pagpapahayag ng kanilang mga ideya.

Ang pagsasanib ng Sociocultural Theory at Writing Process Theory ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng parehong proseso ng pagkatuto at ang aktibong proseso ng pagsusulat. Habang ang Sociocultural Theory ay nagpapakita ng kahalagahan ng interaksyon at feedback sa pagbuo ng kaalaman, ang Writing Process Theory naman ay naglalahad ng kahalagahan ng patuloy na pagsusuri at pag-unlad sa proseso ng pagsusulat. Sa pamamagitan ng journaling, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na

pagsamahin ang mga elementong ito ang social interaction at ang sistematikong proseso ng pagsusulat upang mas mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsulat sa Filipino.

Ang pagsusulat sa journal ay nagbibigay ng personal na espasyo para sa reflection at self-assessment. Hindi lamang nito pinapalawak ang kanilang kakayahan sa pagbuo at pag-oorganisa ng mga ideya, kundi nakakatulong din ito upang mapalakas ang kanilang kumpiyansa at malikhaing pag-iisip. Sa ganitong paraan, ang journal writing ay nagsisilbing isang mahalagang kasangkapan na nagbibigay daan sa mas epektibong pagtuturo at pagkatuto ng pagsusulat.

Sa kabuuan, ang paggamit ng journaling bilang pedagogical tool ay nagpapakita ng malaking potensyal sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang teorya ni Vygotsky ay nagbibigay diin sa social at interactive na aspeto ng pagkatuto, samantalang ang teorya ni Murray ay nakatuon sa proseso ng pagsusulat bilang isang recursive at patuloy na gawain. Sa pagsasanib ng dalawang teoryang ito, maliwanag na ang regular na pagsusulat sa journal ay hindi lamang nagpapalawak ng mga ideya kundi nagsisilbing gabay sa paghasa ng mga teknikal at malikhaing kakayahan ng mga mag-aaral, na mahalaga sa kanilang pag-unlad bilang epektibong manunulat.

**Konseptuwal na Balangkas**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paggamit ng journal bilang isang kasangkapan sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang pagsasanay sa pagsulat ay isa sa pinakamahalagang aspeto ng edukasyon, lalo na sa asignaturang Filipino. Samantalang maraming estudyante ang napapahirapan makatawagan ang kanilang mga ideya at saloobin sa pamamagitan ng pagsulat. Isa sa mga estratehiyang maaaring mapabuti upang mapahusay ang pagsasanay sa pagsulat ay ang paggamit ng journal. Ang journal ay isang personal na talaan na maaaring paglalagyan ng mga ideya, opinyon, repleksyon, at karanasan ng isang mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nabibigyan sila ng mas malawak na pagkakataong magpraktis ng pagsulat nang hindi natatakot sa agarang paghatol o kritisismo.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Process Writing Approach ni (Donald Murray,1972) at Constructivist Learning Theory ni Jean Piaget (1976). Ayon sa Process Writing Approach, ang pagsulat ay hindi nagtatapos sa isang hakbang lang kundi ay isang buhay na proseso na may kasamang prewriting, drafting, revising, at editing. Ang prosesong ito nagbibigay-daan sa mga mag-aaral upang muling balik-balikan at magandahin ang kanilang isulat sa halip na gawin basta tapos lamang. Samantalang napanatili ng Constructivist Learning Theory naman na ang katutuwang pagkatuto , nagaganap ang pagkatuto tuwing ang mag-aaral mismo ay aktibong kalahok sa proseso ng kaniyang sariling edukasyon. Sa ganitong konteksto, nagiging makabuluhang estratehiya sa pagkatuto ang pagsusulat ng journal sapagkat ito ay nagmumula sa personal na karanasan at pagninilay ng mag-aaral.

Sa pamamagitan ng journal writing, nagkakaroon ng malayang espasyo ang mga mag-aaral upang ipahayag ang kanilang mga ideya nang walang pangamba sa mga mahigpit na alituntunin ng pormal na pagsusulat. Sa ganitong paraan, nagiging mas malaya silang gamitin ang kanilang imahinasyon, palawakin ang kanilang bokabularyo, at masanay sa pagsusulat nang hindi nakakaramdam ng labis na presyon. Ang regular na pagsusulat ay nagtutulungan upang unti-unting mahasa ang kanilang kakayahan sa pagsulat, mapaunlad ang kanilang istilo, at maitaas ang antas ng kanilang kumpiyansa sa sarili.

Para mailarawan ang proses ng pag-aaral na ito, gagamitin ang Input-Process-Output (IPO) Model. Sa bahagi ng input, isasaalang-alang ang kasalukuyang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat bago magsimula ang paggamit ng journal. Kabilang din dito ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat, pati na rin ang suporta at gabay na kanilang ibinibigay upang matulungan ang mga mag-aaral na mas mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat.

Sa bahagi naman nito ng proseso, ay isasagawa ang periodikong paggamit ng journal bilang bahagi ng pang-araw-araw na gawain ng mga estudyante. Sa proseso nito, bibigyan sila ng pagkakataong mangalanan tungkol sa mga karanasang kanilang nakayanan, kapansanan at opinyon, samerta ng pagtuturo ng tamang paraan ng pagtalunan gamit ang Process Writing Approach. Sa ganitong pamamaraan, unti-unti nilang mauunawaan na ang pagtalunan ay hindi lamang isang gawaing pang-akademiko kundi isang proseso ng patuloy na pagkatuto at pag-unlad.

Isang bahagi ng regular na pagsusulat sa journal, ang guro ay magkakaloob ng feedback upang magabayan ang mga mag-aaral sa pagpapabuti ng kanilang gawa. Ang

feedback ay maaaring nasa anyo ng mga mungkahi, tanong, o puna na makakatulong upang maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang kalakasan at kahinaan sa pagsulat. Ang ganitong sistema ng paggabay ay makatutulong upang mas mapaunlad nila ang kanilang kakayahan sa malikhain at akademikong pagsusulat.


Sa kaniyang huling bahagi ng modelo, ang output ay ang ipinagingat na pag-unlad ng kasanayan ng mga estudyanteng mag-eensayang-magsulat. Pinakaasahang magiging mas malinaw at maayos ang kanilang paraan ng pagpapahayag ng ideya at magiging mas epektibo sila sa gamit ng wika sa pagsusulat. Kahit pa, ang pagsusulat ng journal ay makakatulong upang mapaunlad ang kanilang pagiging malikhain at mapanuri, gayundin ang kanilang kakayahang pag-arkihayan at ipahayag ang kanilang sariling pananaw.

Importante din sa pag-aaral na ito ang pagbibigay-kahulugan sa mahahalagang konsepto na may kinalaman sa pagsulat. Ang journal ay isang malayang espasyo kung saan maaaring ipahayag ng isang mag-aaral ang kanyang saloobin, ideya, at karanasan. Hindi gaya ng pormal na pagsusulat, ang journal writing ay hindi mahigpit na sinusuri batay sa gramatika o istruktura, kaya't mas nagiging komportable ang mga mag-aaral sa pagsasanay sa pagsulat.

Samantala, ang kasanayan sa pagsulat ay tumutukoy sa kakayahan ng isang mag-aaral na maipahayag ang kanyang mga ideya sa malinaw, maayos, at epektibong paraan. Kabilang dito ang wastong gamit ng gramatika, tamang estruktura ng pangungusap, lohikal na pagdaloy ng ideya, at ang paggamit ng angkop na mga salita upang maiparating nang maayos ang mensahe. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang bisa ng paggamit ng journal bilang isang estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Sa pamamagitan ng regular na pagsusulat, tamang paggabay

ng guro, at ang pagbibigay ng sapat na espasyo para sa malayang pagpapahayag, maaaring mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagsusulat.

Dahil dito pa, sa pamamagitan ng paggamit ng journal, ang pagsulat ay hindi lamang magiging isang pang-akademikong gawain kundi isang mahalagang bahagi ng personal na pagkatuto at pagpapahayag. Ito ay isang kasanayang magagamit ng mga mag-aaral hindi lamang sa loob ng paaralan kundi maging sa iba't ibang aspeto ng kanilang buhay. Sa huli, ang pagpapahusay ng kasanayan ng pagsulat ay isang mahalagang hangad ng edukasyon. Ang paggamit ng journal bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat ay isang epektibong kadahilanan upang humubog ang mga mag-aaral bilang mas mahusay, mas malikhain, at mas epektibong manunulat.




Pigura 1: Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

**Mga Layunin**

Ang pananaliksik na ito ay layuning matukoy ang kasanayan sa Pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino sa pamamagitan ng paggamit ng Journal.

1. Natutukoy ang antas kasanayan sa Pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino bago ang paggamit ng journal.
2. Natutukoy ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino pagkatapos gamitin ang journal bilang pantulong sa pag-aaral.
3. Nasusuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng journal.

Kabanata 2

# PAMAMARAAN

## Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng *pre-eksperimental* na disenyo. Ang layunin ng pre-eksperimental na pananaliksik ay tingnan kung paano nakakatulong ang paggamit ng journal sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang relasyon sa pagitan ng mga baryabol na ito ay susuriin ang mga pagbabago sa isang grupo ng mga kalahok bago at pagkatapos ng interbensyon, nang walang ibang grupo na paghahambingan (Campbell & Stanley, 1963). Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga datos na nakalap, malaman ang ugnayan ng paggamit ng journal sa kasanayan sa pagsulat at kung ano ang epekto nito sa kabuuang pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Gagamitin ang kwantitatibong pagsusuri para sukatin ang antas ng pagbabago sa kanilang kasanayan sa pagsulat pagkatapos gamitin ang journal bilang isang paraan ng pagkatuto.

## Pananaliksik na Pangkapaligiran

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Kolehiyo ng Edukasyon major in Filipino 3, isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz. Ang Kolehiyo ng Edukasyon ay sentro ng pga-unlad, sa larangan ng edukasyon, na nagpapakita ng mataas na kalidad ng pagtuturo at pagsasaliksik

Ang kolehiyo ng edukasyon ay isang ISO 9001:2015 Management System Certified na ipinagkaloob ng Det Norske Veritas-Germanischer Lloyd Business Assurance.

Ang Basic Education Department ay ginawaran ng Level II accreditation ng PACUCOA (Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation).

**Pinanggalingan ng Datos**

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay sampu (10) na mga mag-aaral na kumuha ng *Bachelor of Secondary Education major in Filipino* sa isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling* mula sa sampu (10) na mga mag-aaral sa *Bachelor of Secondary Education major in Filipino*.

**Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos**

Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrumento sa pananaliksik:

A. Rubrik sa Pagtataya ng Journal Entries

Ang pangunahing instrumento na ginamit sa pananaliksik na ito ay isang rubric sa pagtataya ng journal entries ng mga mag-aaral. Ang rubric ay binubuo ng limang kategorya ng pagtataya na may kaukulang bahagdan: nilalaman at ideya, koneksyon sa karanasan/ paksa, orginasyon ng ideya, wika at estilo, pagkamalikhain at orihinalidad. Ang bawat kategorya ay may limang antas ng pagmamarka mula 5 hanggang 1, kung saan ang 5 ay nangangahulugang "Napakahusay" at ang 1 ay nangangahulugang "Di mahusay".

Ang rubrik na ito ay inangkop mula sa mga umiiral na pamantayan sa pagtataya ng pagsulat sa Filipino at isinailalim sa balidasyon ng mga eksperto sa larangan ng wika at panitikan. Ito ay ipinresenta sa mga dalubhasa upang suriin ang bawat tagapahiwatig kung ito ay tinatanggap, nangangailangan ng pagbabago, o dapat tanggalin bago ipamahagi sa mga kalahok ng pananaliksik. Matapos ang proseso ng pagpapatunay, isinagawa ang isang pilot test gamit ang mga mag-aaral na hindi kasali sa aktwal na pag-aaral upang matiyak ang bisa at katiyakan ng instrumento. Ang nasabing pilot test ay nagresulta sa isang Cronbach’s Alpha na 0.89, na nagpapakita na ang rubric ay maaasahan at epektibong instrumento sa pagtataya ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Narito ang eskala upang matukoy ang lebel ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa mga salik sa paaralan.

| Iskor | Antas |
|---|---|
| 1.00-1.79 | Di Mahusay |
| 2.59 | Di- gaanong Mahusay |
| 2.60-3.39 | Katamtaman |
| 3.40-4.19 | Mahusay |
| 4.20-5.00 | Napakahusay |

B. Mga Katanungan

Ang instrumento na aming ginamit sa pagtitipon ng datos ay binubuo ng mga katanungan na may kinalaman sa pagsulat ng journal. Pinili ang mga katanungang ito dahil ito ang pangunahing paksa ng aming pinag-aaralang mag-aaral, at ang mga sagot ng mga kalahok ay magsisilbing batayan sa pagsusukat ng kanilang antas ng kasanayan sa pagsusulat. Isasagawa ang isang pretest bago magsulat ng journal, kung saan tatanungin sila ng kanilang guro. Pagkatapos ng pagganap, may posttest din na isasagawa, na gagamit ng parehong mga katanungan upang masukat ang pag-unlad o pagbabago sa kanilang kasanayan sa pagsusulat. Sa ganitong paraan, masusukat ang epekto ng paggamit ng journaling sa kanilang kakayahan sa pagsusulat gamit ang mga katanungan tungkol sa pagsulat ng journal.

Mga Katanungan na may kinalaman sa pagsulat ng journal:

1. Ano ang inaasahan mong matutunan sa araling ito?

2. Ano na ang alam mo tungkol sa paksa ng ating aralin?

3. Sa tingin mo, bakit mahalagang matutunan ang paksa ng ating tatalakayin?

4. Anong bahagi ng aralin ang sa tingin mo ay magiging madali para sa iyo? Bakit?

5. Ano ang mga tanong o katanungang nais mong masagot habang tinatalakay ang aralin?

**Pagtitipon ng mga Datos**

Bago simulan ang pangangalap ng impormasyon, humingi muna ng pahintulot ang mga mananaliksik mula sa punong guro ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino. Gumawa rin sila ng informed assent para ipaliwanag ang layunin ng kanilang pag-aaral, ang mga metodolohiyang gagamitin, at kung paano nila susuriin ang mga datos. Gumamit ang mga mananaliksik ng sarili nilang talatanungan para makuha ang impormasyon tungkol sa epekto ng paggamit ng journal sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga estudyante sa Filipino. Sinuri rin nila ang mga isinulat na journal ng mga estudyante upang malaman ang kanilang pag-unlad sa loob ng itinakdang panahon

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang mga respondente ay hindi dadaan sa anumang proseso na makakapinsala o makakapagdulot ng hindi magandang karanasan. Mahalaga sa amin ang paggalang sa kanilang dignidad at karapatan. Bago kami nagsimula sa aming pag-aaral, humingi kami ng kanilang pahintulot para makilahok. Ang mga pangalan ng respondente ay hindi naitala ang sa anumang ginamit na material upang mapanatili ang kanilang privacy at kumpidensyalidad. Ang lahat ng datos na nakuha mula sa kanilang mga journal ay ginamit nang may pag-iingat, at walang impormasyong makapag-uugnay sa kanilang pagkatao ang isasama sa aming ulat. Sinunod ng mga mananaliksik ang prinsipyo ng katapatan sa

pagkuha at pagsusuri ng datos, at sinikap naming iwasan ang anumang uri ng pagmamanipula o pagkiling sa mga resulta.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng mga sumusunod na pamamaraan pang-istatistika para sa pagsusuri ng datos gamit ang JAMOVI software.

*Mean and standard deviation.* Ginamit ito upang masukat ang *average* na antas ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa Filipino matapos ang paggamit ng *journal* bilang estratehiya.

*Paired t-test.* Ginamit ito upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng Filipino sa pamamagitan ng paghahambing ng mga resulta ng pretest at posttest.

.

Kabanata 3

## Resulta at Talakayan

### Pagganap Bago ang Paggamit ng Journal

